

Ang Talinghaga ng Nawawalang Tupa

(Lucas 15:1-7)

Noong unang panahon, mayroong isang napaka-espesyal na tao na nagngangalang Jesus. Siya ay Anak ng Diyos, at pumunta Siya sa mundo para turuan ang mga tao tungkol sa pag-ibig ng Diyos at ialay ang Kanyang buhay para sa kaligtasan mula sa kabayaran ng kasalanan ng mga tao na magtitiwala sa Kanya.



Madalas magkuwento si Jesus sa pamamagitan ng mga talinghaga. Ang mga talinghagang ito ay nagtuturo ng mahahalagang aral tungkol sa Diyos. Isang araw, maraming tao ang nagtipon para makinig kay Jesus. Ang ilan sa kanila ay mga taong sinusubukang sumunod sa Diyos, habang ang iba ay gumagawa ng maling bagay, tulad ng mga maniningil ng buwis. Naroon din ang ilang mga relihiyosong lider na akala nila'y mas mabuti sila kaysa sa iba. Hindi nila gusto na si Jesus ay nakikisalamuha sa mga taong ito, at sinabi nila, "Bakit ba nakikisalamuha si Jesus sa mga taong tulad nila?"

Upang ipaliwanag kung bakit mahal Niya ang mga tao, nagkuwento si Jesus ng ganito:

"Isipin ninyo ang isang pastol na may 100 tupa. Mahal ng pastol ang kanyang mga tupa at inaalagaan niya ang mga ito nang mabuti. Pinapakain niya sila, pinaiinom, at sinisiguradong ligtas sila. Araw-araw, binibilang ng pastol ang kanyang mga tupa upang matiyak na walang nawawala.

Ngunit isang araw, habang nagbibilang siya, napansin niyang kulang ng isa. Isang tupa ang nawawala! Naligaw ito at hindi na nakasama sa kawan. Ano sa tingin ninyo ang ginawa ng pastol?

Sinabi ba niya, 'Ayos lang, mayroon pa naman akong 99 na tupa?' Hindi! Mahal na mahal ng pastol ang nawalang tupang iyon kaya iniwan niya ang 99 sa isang ligtas na lugar at hinanap ang nawawala.

Naghanap siya at naghanap. Umakyat siya ng mga burol, bumaba sa mga lambak, at sumigaw, 'Nasaan ka na, munting tupa?' Sa wakas, narinig niya ang mahina nitong pag-meehhh at

nakita niya ito! Sobrang saya ng pastol kaya binuhat niya ang tupa at isinakay ito sa kanyang balikat pauwi.

Pagdating niya sa bahay, tinawag niya ang kanyang mga kaibigan at kapitbahay at sinabi, 'Magdiwang tayo! Natagpuan ko ang nawawala kong tupa!'"

Pagkatapos, sinabi ni Jesus, "Ganoon kalaki ang pagmamahal ng Diyos sa atin! Kapag may gumawa ng mali at naligaw, hindi titigil ang Diyos sa pagmamahal sa kanila. Sa halip, hahanapin Niya sila at ibabalik sa Kanya. At kapag nangyari iyon, nagdiriwang ang buong langit sa tuwa!"



Ang Diyos ay mahabagin at mapagmahal, at lagi Siyang naghahanap ng mga naliligaw na katulad natin para dalhin tayo pabalik sa Kanyang kalinga. Siya ay mapagmalasakit, tulad ng pag-aalaga ng pastol sa bawat isang tupa. Walang nakakalimutan o walang hindi mahalaga sa Kanya. Kahit na tayo ay nakakagawa ng hindi tama o sa ating pakiramdam ay malayo tayo sa Diyos, hindi Siya sumusuko sa atin. Sa halip, maibigin Niyang hinahanap tayo at gusto Niyang bumalik tayo sa Kanya.

